# 1

"Anong wala siya sa kuwarto? Saan ho siya nagpunta?" kunot-noong tanong ni Kevin sa kanyang Auntie Luna habang inaabot ang bitbit na briefcase at travelling bag sa isa sa kanilang mga katulong.

Kadarating lang niya galing Davao mula sa dinaluhang business convention doon. Dalawang araw siyang nawala at pagbalik niya ay problema agad ang sumalubong sa kanya.

"K-kahapon pa wala si Alisha, Kevin." Nangingilid ang luha ng matandang tiyahin habang nagsasalita. Hawak-hawak nito ang dibdib na waring anumang oras ay magsisikip iyon.

"Saan nga siya nagpunta?" mahinahon na tanong niya upang hindi madagdagan ang pag-aalala nito.

"N-naglayas siya."

"What!" Dumagundong ang boses ni Kevin sa buong mansion. Bigla ay nakalimutan ang pag-aalala sa tiyahin. Ang kapatid niyang si Alisha, naglayas?

Tuluyan nang tumulo ang luha ni Auntie Luna habang pilit nagpapaliwanag. "K-kahapon p-pa siya

wala. N-nang puntahan k-ko siya sa kuwarto niya, w-wala na ang mga damit niya."

Huminga siya nang malalim para kontrolin ang galit at pagkabigla. Walang kasalanan si Auntie Luna sa ginawa ni Alisha. Kung mayroon mang dapat makatanggap ng sigaw niya ngayon, iyon ay walang iba kundi ang kanyang kapatid. "Alam ho ba ninyo kung saan siya nagpunta?" mahinang tanong niya, halatang pigil na pigil ang sarili.

Umiling na lamang ang kanyang tiyahin dahil hindi na ito makapagsalita sa sobrang pag-iyak. Alam niyang hindi na niya makakausap ito nang maayos kaya walang salitang tumalikod siya at dumerecho sa kuwarto ni Alisha. Pagdating doon ay binuksan niya ang mga cabinet ng kapatid para kumpirmahin ang sinabi ng tiyahin.

Dahan-dahang napaatras si Kevin at nanghihinang napaupo sa kama nang makitang wala na ngang lamang damit ang cabinet ng dalaga. Naglayas nga si Alisha, ang kanyang kaisa-isahang kapatid. Pero bakit? Ano'ng dahilan nito sa pag-alis? Lahat ng bagay ay ibinigay niya rito. Saan pa ba siya nagkulang?

Tumayo si Kevin at lumapit sa drawer sa gilid ng

kama ni Alisha. Alam niyang hindi aalis ang babae nang hindi nagpapaliwanag, kaya nasisiguro niyang nag-iwan ito kahit kapirasong sulat man lamang. Bahagyang lumuwag ang kanyang paghinga nang pagbukas pa lang ng unang drawer ay nakita na niya ang nakasobreng sulat ng kapatid. Dali-dali niyang binuksan iyon.

Nakailang ulit siya sa pagbasa ng sulat mula simula hanggang matapos pero hindi pa rin siya makapaniwala. Galit na nilamukos ni Kevin ang sulat pagkatapos ay ibinato iyon sa dingding. Paano iyon nagawa ni Alisha sa kanya? Paano nito nagawang umalis at talikuran siya? Ang lahat ng bagay at desisyon na ginawa niya ay para lamang sa ikabubuti nito. Saan ba siya nagkamali?

Nakababata at nag-iisang kapatid niya si Alisha. He was twenty-five years old and Alisha was fifteen when their parents both died in a car accident. Dahil doon ay wala siyang pagpipilian kung hindi ang maagang pamahalaan ang negosyong iniwan sa kanila ng kanilang papa kasabay ng pagtayong ama't ina sa nakababatang kapatid.

Ang kanyang Auntie Luna ay ang bunso at nag-iisang kapatid ng kanyang ina. Biyuda ito at walang anak. Mula pagkabata ay malapit na siya sa kanyang

tiyahin, kaya naman nang mamatay ang asawa nito isang taon matapos mamatay ang kanilang magulang ni Alisha ay pinilit niya itong sumama na sa kanilang manirahan.

Their family owned a small bank empire in Manila. It was a tough job replacing his father as chairman and head of the company. Pero dahil sa tulong ng malalapit na kaibigan at mga mapagkakatiwalaang empleyado ng kompanya ay nagawa niyang ipagpatuloy ang sinimulan ng ama.

Matapos ang anim na taon ay maipagmamalaki niyang sabihin na hindi lang niya nagawang pamahalaan nang maayos ang kompanya, nagawa pa niyang paunlarin iyon. He was a successful businessman at the age of thirty-one, a bank magnate. Tinitingala at nirerespeto.

But unfortunately, he screwed up when it came to Alisha. At ang pinakamasakit pa roon ay ni hindi niya alam kung saan siya nagkamali. Ibinigay niya ang lahat ng pangangailangan nito. At sa tulong ng kanilang Auntie Luna ay ginawa niya ang lahat para gabayan ito at alagaan. Pero mukhang sa bandang huli ay may pagkukulang pa rin siya.

Ang edad na dapat sana ay nagpapakasaya

siya sa kanyang pagkabinata ay ginugol niya sa pagpapalaki sa kanyang kapatid at pamamahala sa kanilang negosyo. He never went to bars nor got drunk until dawn. Lagi niyang iniisip ang maiiwang kapatid sa bahay at ang opisinang papasukan kinaumagahan.

Sa kabila niyon ay masaya siya sa ginagawa. Mahal niya ang kapatid at gagawin niya ang lahat para mapabuti ito. Pero nagawa pa rin ni Alisha na maglayas.

*I'm old enough to take care of my self, Kuya. Huwag mo sanang isiping wala akong utang-na-loob sa iyo. You know how thankful I am to have you as my brother. Pero kailangan ko nang umalis ng bahay dahil sobrang nasasakal na ako. Too much love can be suffocating, Kuya. Ayaw kong dumating ang araw na magalit na ako nang tuluyan sa iyo dahil sakal na sakal na ako sa sobrang pagmamahal mo.*

"Shit!" mura niya nang maalala ang mga kataga mula sa sulat ni Alisha. "When did you learn to say those things, Alisha?" bulong niya sa sarili.

Galit na hinalughog niya ang drawer ng kapatid para humanap ng clue kung saan ito matatagpuan. He would take her home even if he had to drag her by

the hair. Kapag may nangyaring masama sa kapatid ay hindi niya mapapatawad ang sarili. He swore on their parents' tomb that he would take care of her.

Wala siyang nakitang directory o telephone book man lang sa loob ng drawer ng kapatid. Ang naroon lang ay ilang hindi importanteng gamit ng kapatid at isang issue ng *Posh and Beauty Magazine*, isang female magazine na alam niyang kinokolekta nito buwan-buwan. Nakabuklat pa ang pahina nito at waring hindi pa tapos basahin ni Alisha. Inis na isasara na sana niya ang drawer nang mahagip ng kanyang paningin ang title ng isang article sa babasahin.

*Big Bro Needs A Lesson Or Two!*

Hindi niya alam kung bakit pero kinabahan siya pagkabasa niya sa titulo ng artikulo. Kinuha niya ang magazine at binasa. Isang advice column ang nasa pahinang nakabuklat. Ang mga sulat na ipinadadala ng mga sender ay sinasagot ng advice columnist.

Nang basahin niya ang sulat ay tungkol ito sa isang beinte-uno años na babae na nasasakal sa sobrang pagmamahal ng kanyang nakatatandang kapatid. Lalong lumakas ang kanyang kaba nang makita ang pen name ng letter sender: Little Alisha.

Humingi ng payo si Little Alisha tungkol sa problema nito kay Sweetheart, ang advice columnist ng magazine na iyon. And to his utter horror, some of the lines in Sweetheart's advice read:

*Too much love can be suffocating, Little Alisha. Sometimes you have to step back and make room in order to breathe. Try to talk to him about your problem. If it doesn't work then you have to provide some space. You're not as little as he thinks you are, so you have to remind him about that. But remember, Little Alisha, whatever you do, don't forget that big bro's only mistake was loving you too much.*

"Damn!" galit na pinunit ni Kevin ang magazine at nilamukos iyon. Kung ganoon ay sa Sweetheart palang iyon nakuha ni Alisha ang ideya nitong maglayas! Ano ang karapatan nitong magsalita na akala mo ay sinasakal nga niya ang kanyang kapatid? That Sweetheart did not know anything about them. Kapag may nangyaring masama sa kanyang kapatid ay mananagot ang Sweetheart na iyon. Idedemanda niya ito! Hell, he would sue the whole magazine!

Kinuha niya ang kanyang cellphone at tinawagan si Jerome, ang matalik niyang kaibigan at kanang kamay sa pagpapatakbo ng kanyang kompanya.

"Jerome, I need a favor. Could you track down Sweetheart of *Posh and Beauty Magazine*? Give me all information that you can gather about her."

Hindi siya masamang tao. In fact, everyone who knew him would vouch that he was a good man. Pero sa mga sandaling iyon ay parang gusto niyang pagpira-pirasuhin si Sweetheart sa sobrang galit. Para sa kanya ay pinalala nito ang kung anumang problemang mayroon sa pagitan nilang magkapatid.

Nang matapos ang kanyang pakikipag-usap ay galit na dinampot niyang muli ang nilamukos na magazine.

"Humanda ka, Sweetheart. I'll make you sorry for giving that advice to my sister," gigil na bulong niya sa sarili.

---

"Sweet, may bisita ka. Nasa lobby."

"Okay," nakangiting sagot niya sa kanyang kaopisinang si Jane. Isinara niya ang folder na binabasa at pumunta sa lobby.

Siya si Sweetheart Sandigo. Part-time advice columnist, full-time human resources assistant. Twenty-five years old na siya at nag-iisa sa buhay.

Bata pa lang siya nang maghiwalay ang kanyang mga magulang. Wala na siyang balita kung nasaan ang father niya, ang mother naman niya ay may dalawang taon nang namamahinga sa North Cemetery. Wala siyang kapatid o kahit malapit na kamag-anak man lang.

She was very happy inspite of being alone. May maganda siyang trabaho at may mga mapagkakatiwalaang kaibigan. May sarili rin siyang bahay, ang bahay na iniwan sa kanya ng kanyang mama. Iyon nga lang, nakasanla pa sa bangko ang bahay na iyon dahil sa pagkakasakit ng kanyang ina noon.

Pero dahil may part-time job siya ay hindi siya nahihirapan pagdating sa pinansiyal kahit pa nga sabihing buwan-buwan siyang naghuhulog sa bangko. Masaya siya. For her, she had everything that she needed.

Paglabas niya sa lobby ay isang matangkad na lalaki ang agad niyang napansin. He had a very dominating presence. Halatang mayaman at may breeding. Guwapo sana ang lalaki kung hindi lang halos ma-deform ang mukha nito sa sobrang pagkakasimangot. *Sino kaya ang lalaking ito?* sa isip-isip niya.

"Good morning," nakangiting bati niya rito. "I'm Sweetheart Sandigo. May maipaglilingkod ba ako sa iyo?"

"Hindi ka pala gumagamit ng penname." Walang pagbabago ang mukha nito nang muling magsalita. "Ang akala ko'y pseudonym lang ang 'Sweetheart'."

*Fan or foe?* tanong niya sa isip.

Hindi niya alam kung anong klaseng pangungumbinsi ang ginawa ng lalaki sa mga staff ng magazine na kanyang pinagsusulatan para ituro kung nasaan siya. Kabilin-bilinan kasi niyang huwag ibibigay ang kanyang office address kahit kanino. She gave her e-mail address to her readers but not her office and home address nor her telephone numbers.

"It's my real name," kumpirma niya sa sinabi nito. She felt stupid while smiling when he was doing his best to scowl. Nevertheless, she still smiled. "What can I do for you, Mr…"

"Merced," dugtong nito. "Kevin Merced. You can stop giving those stupid advice for a start. Alam mo ba kung ano'ng ginawa ng kapatid ko pagkabasa ng column mo? Naglayas lang naman siya. And only heaven knows where she is right now."

Napalis ang kanyang napakatamis na ngiti nang marinig ang sinabi ng lalaki. So, anti-Sweetheart pala ang lalaking ito. Tiningnan niya ito at hinintay kung may iba pang sasabihin. Sa tinagal-tagal niyang nagtatrabaho bilang isang advice columnist ay may ilang pagkakataon na ring sinugod siya ng reader na hindi nagustuhan ang kanyang payo. Noong una ay iyak siya nang iyak at pinlanong huminto sa pagsusulat, pero nang lumaon ay na-realize niyang hindi niya kayang i-please ang lahat ng tao. What was important was that she always gave an honest advice and that she was able to help as much people as she could. Wala na siyang magagawa para sa mga taong katulad ng lalaking kaharap.

"Aren't you going to explain yourself?" gigil na tanong nito nang makitang tahimik lang siyang nakikinig.

Pasimple muna siyang huminga nang malalim para kontrolin ang inis. Laking pasalamat na lamang niya at ang kaibigang receptionist niya na si Maika lamang ang naroon. Kung hindi, siguradong aasarin siya ng mga kaopisina kapag nalaman kung ano ang nangyari ngayon.

"Mr. Merded–"

"Merced!" galit na pagtatama nito sa kanya.

He still had the energy to correct his name after all those anger. "Mr. Merced, ibinibigay ko lang ang payong sa tingin ko'y nababagay sa bawat sitwasyon. At sa pagkakatanda ko, sa loob ng ilang taon kong pagpapayo sa magazine ay wala pa akong pinayuhan na maglayas."

"Iyan ang mahirap sa inyong mga advice columnist," patuyang sabi nito. "Bigay kayo nang bigay ng advice gayong hindi naman kayo sigurado kung paano magre-react ang mga taong pinapayuhan ninyo."

"I do not just give advice, Mr. Merced. Pinag-aaralan ko ang bawat salitang binibitiwan ko dahil alam kong makakaapekto iyon nang malaki sa tao. Pero nasa tao pa din kung paano niya tatanggapin ang payo ko. At wala akong natatandaang sinabihang 'maglayas ka.'"

Naningkit ang mga mata nito sa galit. "Oh, yeah? How about Little Alisha? Tandang-tanda ko pa ang mga linya mo. Provide space, room to breathe, suffocating love and all those bullshit! All those crap made my sister ran away from home."

Mabilis na umandar ang kanyang utak. Kung

hindi siya nagkakamali ay ang Little Alisha na tinutukoy nito ay isa sa mga letter sender niya last month. At sa pagkakatanda niya ay twenty-one years old na ang sender na iyon. Sino ang tinatawag nitong little sister?

"She's twenty-one," she pointed out.

"I know how old she is," galit na sagot nito.

"Then she was right to leave you," naiiling na aniya.

"Ano'ng sinabi mo?"

Sa pagkakatanda niya, sumulat si Little Alisha sa kanya dahil hirap na hirap na ito sa sitwasyon nito at ng nakatatandang kapatid. Masyadong mahigpit ang kuya nito. Ayon kay Little Alisha, piling-pili ang mga naging kaibigan niya. Ayaw kasi ng kuya niyang masama siya sa barkadang may masamang impluwensya. Eskwela-bahay lang ito noon. Nauunawaan naman nito ang kapatid kaya walang reklamo nitong sinunod ang gusto ng kuya. Pero nang makapagtapos ito at makapagtrabaho na ay hindi pa rin nagbabago ang turing ng kuya nito. Sakal na sakal na daw ito pero dahil mahal ang kapatid ay nagtitiis sa sitwasyon.

"Look, Mr. Merced. Wala na akong magagawa pa sa naging desisyon ng kapatid mo. Kung may problema ka sa column ko ay ang editor ko na lang ang kausapin mo," sabi niya. "Good day, Mr. Merced."

Gusto sana niyang talikuran ang lalaki pero kabastusan iyon kaya hinintay pa rin niyang magkusa itong lumabas. "Hindi pa tayo tapos, Sweetheart Sandigo. You'll hear from me again. And I swear you're going to regret this," gigil na sabi nito pagkatapos ay lumabas na ng kanilang opisina.

Naiiling na umupo siya sa sofa na naroon. Sibilisado pa naman pala kahit paano ang lalaki, at least hindi na niya kinailangang tumawag ng security para paalisin ito.

"Guwapo ng kaaway mo, Sweet."

Napangiti siya sa sinabi ni Maika. Alam niyang nagkukunwari lang itong busy habang kausap niya si Kevin Merced kanina. Sigurado siyang nasagap lahat nito ang pinag-usapan nilang dalawa.

"Guwapo nga, ang sungit naman," sagot niya.

"Ayos lang iyon," kinikilig na sabi nito. "Kapag nahanap na n'on ang kapatid niya, babait din iyon."

Ngumiti na lamang si Sweetheart sa sinabi nito.

Pagkatapos ay nagpaalam nang babalik sa trabaho. Tulad ng sinabi niya kay Kevin kanina, wala siyang magagawa kung paano tanggapin ng reader niya ang kanyang advice. Ang mahalaga ay alam niya sa sarili na ibinigay niya ang tama at makatotohanang payo sa mga ito.

Pagbalik niya sa kanyang mesa ay agad niyang binuksan ang folder na binabasa kanina. Ilang minuto pa ay burado na si Kevin Merced sa kanyang isipan.

# 2

"We can't find her."

Hindi nagbago ang reaksyon ni Kevin sa narinig na sinabi ni Jerome pero sa loob ay sari-saring emosyon ang kanyang nararamdaman. Galit, sama ng loob at pag-aalala.

Isang linggo nang mahigit na nawawala si Alisha at hanggang ngayon ay hindi pa rin natutunton ng mga tao niya kung nasaan ito. Isa lang ang nasisiguro niya, magaling magtago ang kapatid niya. Kung hindi, dapat ay natagpuan na niya ito.

"Matalino ang kapatid mo, Kevin," patuloy ni Jerome habang umuupo sa visitor's chair sa harap ng kanyang mahabang mesa. "Pinlano niyang mabuti ang gagawin. She even withdrew all her money from her bank accounts one week before she ran away. At wala siyang iniwang kahit na anong bakas para masundan natin."

"I can't believe this is happening," naiiling na sabi ni Kevin. Inaamin niyang medyo mahigpit siya rito pero sapat na bang dahilan iyon para layasan siya ng kapatid? "Paano niya kakayaning mag-isa?

Buong buhay niya ay ibinibigay lang sa kanya lahat ng pangangailangan niya. What if something wrong happened to her? What if–"

"Kevin," putol ni Jerome sa iba pa niyang sasabihin. "Matanda na si Alisha. I think it's about time to let her stand on her own."

"Hindi mo naiintindihan," galit na sabi niya. Tumayo siya mula sa kinauupuan at nagpalakad-lakad. Pakiramdam kasi niya ay sasabog siya sa pinaghalu-halong emosyon kung mananatili siyang nakaupo. "Alisha is my responsibility. Kapag may nangyaring masama sa kanya, hindi ko mapapatawad ang sarili ko. Hindi lang iyon, inaalala ko din ang kalagayan ni Auntie Luna."

"Bakit? Ano'ng nangyari sa kanya?"

Hindi na siya nagtaka nang marinig ang pag-aalala sa boses ni Jerome. Matalik niyang kaibigan ang lalaki kaya natural lang na kilala at malapit ito sa kanyang natitirang pamilya.

"You know she has a weak heart," malungkot niyang sabi. "Mula nang maglayas si Alisha ay wala na siyang ginawa kundi ang mag-alala. I fear that her heart would give up if this problem continues. Alam kong mahal na mahal niya kaming magkapatid. But

between me and Alisha, I know she favors my sister more. Kaya alam ko ding masyado siyang apektado sa ginawang ito ng kapatid ko."

Narinig niyang nagpakawala nang malalim na buntong-hininga si Jerome.

"I understand," nakakaunawang sabi nito. "Ano'ng gusto mong gawin namin?"

"Continue looking for Alisha," madilim ang mukhang sagot niya. "At isama ninyo na rin si Sweetheart sa surveillance ninyo. Ano'ng malay natin, baka may komunikasyon pa silang dalawa."

"Okay. I'll call you if there's a development."

Iyon lang at nagpaalam na si Jerome sa kanya. Marahan siyang bumalik sa kanyang swivel chair at naupo. He had to find Alisha. He swore he would find his little sister even if he had to turn the whole city upside down.

---

"Sweetheart!"

Napalingon si Sweetheart sa babaeng tumawag sa kanya. Katatapos lang ng meeting niya sa kanyang editor at papalabas na siya mula sa building nang tawagin siya nito. Nakangiting huminto siya ng

paglalakad at humarap sa babae.

“Hi!” nakangiting ganting bati niya rito. Bilang columnist sa isang sikat na magazine, laging ipinapaalala ng kanilang editor na dapat ay laging approachable sila sa mga tao, lalo na kung ang taong iyon ay isang tagasubaybay.

The hesitation on the young woman’s face faded when she saw her friendly smile. Ngumiti ito at inilahad ang kanang kamay.

“Hello. I’m Alisha Merced. Little Alisha in your column last issue.”

Nagulat siya, pero agad niyang naitago iyon. *So this is the missing sister.* “Hi! Ikaw pala si Little Alisha. Kumusta?”

“Okay lang. Ang totoo niyan, gusto kong magpasalamat sa iyo, Sweetheart,” waring nahihiyang sabi nito. “Kung hindi dahil sa iyo, hindi ako magkakalakas ng loob na gawin ang matagal ko nang plano.”

“Please call me Sweet. Natutuwa ako at natulungan kita,” she honestly said while secretly observing her.

Bakas ang tuwa sa mukha ni Alisha nang

ngumiti ito, pero halata din sa mukha nito na may iba pang bagay na gumugulo sa isip. “Sweet, alam kong sinugod ka ni Kuya. Ang totoo, kaya din ako nagpunta nang personal sa iyo ay para humingi ng tawad. Hindi ko alam na ikaw ang pagdidiskitahan niya.”

Sa pagkakataong iyon ay hindi na nagawang itago ni Sweetheart ang pagkabigla. Kung alam nito ang ginawang pagsugod sa kanya ni Kevin, ang ibig sabihin niyon ay hindi malayo ang pinagtataguan nito.

“Let me guess. You didn’t went too far to hide so you could watch over your brother,” natatawang sabi niya nang makabawi.

Alisha smiled and she could not help but notice that she was as attractive as her big brother. Mas feminine nga lang ang dating nito kompara kay Kevin.

“Mahal ko ang kuya ko, gusto ko lang ma-realize niya na hindi na ako bata,” Alisha answered.

“Mukhang matatagalan pa iyon,” sagot niya nang maalala kung gaano ang galit ni Kevin. “Mas magiging maayos siguro ang lahat kung kakausapin mo na lang siya.”

Malungkot na umiling si Alisha. "Sa palagay mo ba'y hindi ko ginawa iyon?"

"Bakit hindi ka na lang nagbakasyon? It would provide the same space that you want."

"Running away was my last resort. Kung magbababakasyon lang ako'y ganoon uli ang mangyayari pagbalik ko. Natatakot akong habang buhay na lang niya akong guguwardyahan."

Nakadama si Sweetheart ng awa kay Alisha dahil kitang-kita sa hitsura nito ang lungkot. Alisha was torn between her love for her brother and love for own freedom. She smiled. Hindi niya mapigil ang sariling humanga sa tibay ng loob nito.

"Do you want to grab a cup of coffee?"

She did not intend to invite her. Isa sa patakaran niya ay ang hindi pakikialam sa personal na buhay ng kanyang mga readers. Alam kasi niyang gulo lang iyon kapag kanyang pinasukan. Hanggang payo lang siya, nasa mga ito na kung susundin o hindi ang ibinigay niyang payo. But the look on Alisha's face made her cross her self-imposed boundaries. Sa tingin kasi niya ay kailangang-kailangan ng babae ng makakausap sa mga sandaling na iyon.

Lumiwanag ang mukha ni Alisha nang marinig

ang imbitasyon niya. “Hindi ba ako makakaistorbo sa iyo? Baka busy ka,” nakangiting tanong nito.

“Hindi naman. Pauwi na din kasi ako,” nakangiting sagot niya.

Ilang minuto pa ay magkasama na silang umiinom ng kape sa isang maliit na coffee shop na malapit doon. Suprisingly, Alisha did not bring out her problems again. Nagkuwentuhan lang sila ng kung anu-anong bagay.

Graduate pala ito ng business management at pangarap na makapagtayo ng sariling restaurant. Kumuha pa nga raw ito ng culinary arts course bilang paghahanda sa nais gawin. Pero dahil ang gusto ni Kevin ay tumulong siya sa pamamahala ng negosyo ng pamilya, wala itong nagawa kundi ang pumasok sa kompanya at doon magtrabaho.

Nang umalis ito sa poder ni Kevin ay pumasok ito bilang assistant chef sa isang hotel sa tulong ng ilang kaibigan. Ayon dito ay sa unang pagkakataon mula nang magtrabaho ito ay nakadama ito ng satisfaction sa ginagawa.

Habang nagkukuwento si Alisha ay hindi niya maiwasan ang mapangiti. Kitang-kita kasi sa mukha ng babae ang saya nito sa bagong buhay na

ginagalawan nito.

Marami silang napag-usapan, pero hindi dumako iyon sa kung ano ang pangalan ng hotel na pinagtatrabahuhan nito at kung saan ito nakatira. Hindi siya nagtanong dahil nirerespeto niya ang desisyon ni Alisha kung paano nito hinaharap ang sariling problema.

Nang matapos ang kanilang kuwentuhan ay nagkagaanan na sila ng loob ni Alisha. Likas kasing mabait ang babae at masarap kausap. Nang maghihiwalay na sila ay ibinigay niya ang cellphone number niya rito para matawagan siya kung kailangan nito ng tulong. Natutuwang tinanggap iyon ng babae.

Nakangiti silang nagpaalam sa isa't isa.

---

"Shit! Shit!" galit na mura ni Kevin sa sarili habang nakatingin sa mahabang traffic sa Aurora Boulevard. Ayon sa pulis na tinanong niya ay mayroon daw nagbanggaang dalawang pampasaherong jeep malapit sa *Broadway Center* kaya nagkakandabuhol-buhol ang traffic. Pinigil niya ang muling mapamura. Bakit sa dinami-dami ng pagkakataong puwede siyang ma-traffic ay ngayon pa? Ngayon pang

nagpakita na si Alisha!

Ayon sa taong inupahan ni Jerome para subaybayan si Sweetheart ay kasalukuyang magkasama ngayon ang babae at ang kanyang kapatid. Nasa isang coffee shop daw ang mga ito at nag-uusap. Tama ang kanyang hinala, may komunikasyon pa nga ang dalawa!

Pero sa malas ay mag-iisang oras na siyang naiipit sa traffic na iyon. Siguradong pagdating niya roon ay wala na ang dalawa.

Naputol ang kanyang pag-iisip nang marinig ang pagtunog ng kanyang cellphone. Nang makitang si Jerome ang tumatawag ay agad niyang sinagot iyon. "Jerome? Ano'ng balita?"

"Nasaan ka ba?" tanong ng kaibigan sa kabilang linya. "Kanina pa naghiwalay sina Alisha at Sweetheart. Bakit hindi mo sila inabutan?"

"Damn it!" Hindi niya napigilan ang muling mapamura dahil sa sobrang frustration. "I'm stuck in traffic. Pinasundan mo ba si Alisha?"

"I did. Pero nahalata niyang may sumusunod sa kanya kaya nailigaw niya ang tao ko."

"Ano! Anong klaseng detective ba iyang inupahan

mo? Babae lang hindi pa niya nagawang sundan?" galit na tanong niya.

"Matalino ang kapatid mo," katuwiran ni Jerome sa kabilang linya. "Mahihirapan tayong maisahan siya."

Normally, he would have been proud of how Alisha managed to fend for herself. But he was irritated to know that she managed to fend him off as well.

"Damn!" inis na mura niya.

"Bumalik ka na lang dito sa opisina," suhestyon ni Jerome. "Wala ka nang aabutan sa coffee shop."

Ilang saglit siyang nag-isip. Lumagpas ang magandang pagkakataon para makita niya ang kapatid pero hindi nangangahulugan na tapos na iyon doon. May isang paraan pa para malaman niya kung nasaan ito ngayon.

"I have a better idea," mayamaya ay sabi niya. "Give me Sweetheart's home address. I'm going to pay her a little visit."

---

"Ano'ng ginagawa mo dito?" di-makapaniwala si Sweetheart habang nakatingin kay Kevin.

Habang papauwi siya kanina matapos ang pakikipagkuwentuhan kay Alisha ay tinimbang niya ang posibilidad na balikan siya ng binata.

She was positive that Kevin already forgot her existence. After all, nasabi na nito ang lahat ng gustong sabihin noong sugurin siya nito sa opisina. Hindi rin naman nito alam na nagkita sila kanina ni Alisha. She was hundred percent convinced that there was no reason for her to worry that Kevin would go after her again.

Kaya naman laking gulat niya nang mapagbuksan ito ng pinto ngayon. His scowl was prominently in place. Halatang hindi man lang nabawasan ang galit nito sa kanya kahit pa magdadalawang linggo na mula nang huli silang nagkita.

"Mag-uusap tayo," galit na saad nito.

Kumunot ang noo ni Sweetheart. Ganito ba talaga ka-dominating ang lalaking ito?

"Sino ang nagsabi sa iyong gusto kitang kausap?" inis na sagot niya. Aba, aba! Wala na sa lugar ang lalaking ito. Akalain mong pati sa bahay niya ay sinundan siya! "At puwede ba, tigilan mo ang kakasunod sa akin. Daig mo pa ang stalker."

"Where's the sweet-tempered Sweetheart that

I talked to?" pang-iinis nito. "Bakit bigla-bigla'y bumangis ka yata?"

He was standing directly infront of her so she had no choice but to tilt her chin to meet his eyes. "Kahit siguro santo mapupuno kung hanggang sa bahay ay susugurin mo. Ano ba'ng kailangan mo?"

"Hindi mo man lang ba ako papapasukin?"

"Hindi," mataray na sagot ng dalaga. Wala siyang kabalak-balak na papasukin ito sa loob. Mahirap na, baka mamaya ay bigla na lang siyang sakalin nito sa sobrang galit. "Kaya kung may sasabihin ka'y sabihin mo na."

Pero parang walang narinig ang lalaki at pilit pumasok sa loob ng kanyang bahay. Gusto niyang sumigaw sa galit pero pilit pa rin siyang nagtimpi dahil hindi niya ugali ang mag-eskandalo.

"I want you out of my house in five minutes. Kaya sabihin mo na kung ano'ng gusto mong sabihin at pagkatapos ay lumayas ka na." Halos hindi lumabas sa pagitan ng kanyang mga ngipin ang mga sinabi dahil sa sobrang galit.

Lalong nagngitngit si Sweetheart nang hindi agad magsalita si Kevin. Dahan-dahan muna nitong inilibot ang mga mata sa kabuuan ng bahay niya.

Pakiramdam niya ay minamaliit siya nito.

"What's with the bears?" tanong nito.

"Ano?" naguguluhang balik-tanong niya.

"Bears," ulit nito. "They are all over your house. May painting, design sa flower vase, seat pillow's cover, even your carpet has a bear on it."

"Ano ba'ng pakialam mo?" nanggigigil na tanong ng babae.

"I assume that you like bears."

"I love bears," eksaheradong sagot niya. "Ngayon, ano'ng kailangan mo?"

Hindi na nagpatumpik-tumpik pa si Kevin. "Saan mo itinago si Alisha?"

"Hindi ko itinatago ang kapatid mo," asik niya.

"Sinungaling," mariing sagot nito. Alam niyang galit na galit ito pero tulad niya, hindi ito sumisigaw. "My man saw you with her this afternoon. Nasa isang coffee shop kayong dalawa."

Blood rushed to Sweetheart's head in anger. "Pinasusundan mo ako sa tao mo?" she asked in pure anger. "Ano'ng karapatan mong pasubaybayan ako? You are invading my privacy!"

"Cut the bullshit! Sabihin mo sa akin ngayon din kung nasaan ang kapatid ko," utos nito.

"I do not know where she is." She said the words with emphasis.

"Huwag mo akong kalabanin, Sweetheart," he said with a warning tone in his voice. "Hindi mo alam kung sino ako."

"Oh, yeah?" sarkastikong sagot niya. "You may be rich but you don't own me. At kahit anong piga ang gawin mo sa akin ay hindi ko alam kung nasaan ang kapatid mo."

"Bibigyan kita ng hanggang bukas para makapag-isip. Bukas na bukas din ay sasabihin mo sa akin kung saan nakatira si Alisha. Understand?"

Lalong kumulo ang dugo niya sa sinabi ng lalaki. Hindi na ito nakontento sa pag-invade ng privacy niya, ngayon naman ay gusto pa siyang manduhan nito! "Do you know how arrogant and dominating you sound?"

Hindi sumagot si Kevin. Tinitigan siya nito nang matalim at pagkatapos ay walang salitang lumabas ng bahay. Dahan-dahan siyang napaupo sa kalapit na sofa, pakiramdam niya ay nanghina siya sa nangyari. Another encounter like that and she would surely be

sick. The man was unendurable!

Muling nag-init ang ulo niya nang maalala ang ginawa nitong pagpapasubaybay sa kanya. Kaya pala madali para rito ang malaman kung saan siya nagtatrabaho at kung saan siya nakatira. Ginamit nito ang pera para tuntunin siya.

Napailing na lamang siya. Kahit naman kasi araw-arawin pa ni Kevin ang pagpapasunod sa kanya ay wala rin itong mapapala. Hindi niya alam kung nasaan si Alisha kaya imposibleng puntahan niya ito. Iba na nga lamang kung siya uli ang bisitahin ni Alisha.

# 3

"Sweet!" kinikilig na tawag sa kanya ni Maika habang papalapit ito sa kanyang mesa. "Tingnan mo, may delivery para sa iyo."

Kumunot ang kanyang noo nang makita ang dala nitong mga bulaklak. Isa iyong magandang flower arrangement na nakalagay sa maganda ring vase. Bago pa niya naitanong kung kanino iyon galing ay naunahan na siya ni Jane, ang isa pa niyang malapit na kaibigan sa opisina.

"Kanino galing iyan?" tanong nito na nakiumpok sa kanila ni Maika nang makita ang bulaklak. "Ikaw, Sweet ha, masyado kang malihim. Akala ko ba wala kang manliligaw ngayon?"

"Wala nga," sagot niya habang nagtatakang nakatingin sa bulaklak. "Hindi ko alam kung kanino galing iyan. Wala namang card na kasama."

"Baka galing sa fan mo."

"Walang nakakaalam ng office address ko," umiiling na sagot niya. "Kung may ipadadala sila sa akin ay sa editor ko bumabagsak bago ipapadala sa akin."

"Kung ganoon ay kanino galing ito?" takang tanong ni Jane.

Waring sagot sa kanilang katanungan nang biglang mag-ring ang telepono sa kanyang tabi. Nang sagutin niya iyon ay si Kevin ang nasa kabilang linya.

"Yes, Mr. Merced?" pormal na tanong niya. Kung plano na naman siyang sigaw-sigawan ng lalaki tulad ng ginawa nito noong nakaraang araw ay sisiguraduhin niyang mabibingi ito sa pagbagsak niya ng telepono. Aba naman, hindi siya stress toy na puwede nitong paglabasan ng init ng ulo araw-araw, ano!

"Natanggap mo ba ang mga bulalak na ipinadala ko?"

"Sa iyo galing 'to?" gulat na tanong niya. Ang kaninang magandang bulaklak ay unti-unting pumangit sa kanyang paningin. "Ano 'to, suhol? Sinabi ko na sa iyong hindi ko alam kung nasaan si Alisha."

"Hindi suhol iyan, Sweetheart," mahinahong sagot nito. "Peace offering ko 'yan sa iyo."

Lalong nadagdagan ang kunot sa kanyang noo. Si Kevin Merced, nakikipagbati? "Why?" buong

pagdududa niyang tanong.

"Gusto ko lang malaman mo na hindi ako masamang tao tulad ng iniisip mo," anito.

Natanggal ang pagkakakunot ng kanyang noo pero napalitan iyon ng pagtaas ng kanyang kilay. He must have practiced his speech before calling her.

"At anong klaseng tao ka?" mataray na tanong niya. "Kung akala mo'y hindi ko alam na hanggang ngayon ay pinasusundan mo pa din ako ay nagkakamali ka. I'm warning you, Mr. Merced. If you do not call off your watch dogs, I'm going to sue you."

"Okay, nobody will follow you anymore. Will you have dinner with me tonight?"

"No!" mabilis at siguradong sagot ni Sweetheart. Wala sa bokabularyo niya ang kumain kasama ang lalaking ito. Mapa-dinner, breakfast or lunch… o kahit merienda man lang. She has high respect for her food, at ayaw niyang mabastos iyon kapag nawalan siya ng ganang kumain dahil nasa harap niya si Kevin Merced.

"Look, Sweet—"

"No," putol niya sa iba pang sasabihin nito.

"Will you give me a chance to–"

"No!"

"Sweetheart–"

"No!"

Hindi niya napigilan ang malapad na ngiti nang marinig ang frustration sa boses ng lalaki. Served him right! Hindi lahat ng gusto nito ay lagi nitong makukuha.

"Thanks for the flowers, Mr. Merced," sabi niya nang hindi na muling nagsalita si Kevin. "Pero hindi ka na sana nag-abala pa tutal ay basurahan lang naman ang makikinabang nito. Goodbye, Mr. Merced."

Hindi na niya hinintay pang sumagot si Kevin, agad niyang ibinaba ang telepono. She was tempted to slam it down but contained herself. Tumayo siya at kinuha kay Maika ang mga bulaklak. Walang salitang itinapon niya iyon sa trash can kasama pati ang vase.

"Sweet! Ano ka ba?" hinayang na hinayang na usal ni Jane. "Bakit mo itinapon?"

"Galing iyan kay Mr. Sungit," inis na sabi ni Sweetheart. Pagkatapos ay muli niyang hinarap ang

kanyang trabaho. She really hoped her two friends would leave her.

“Sayang naman,” ani Maika. “Ang ganda-ganda at mukhang mamahalin ’tapos itinapon mo lang.”

“Sa iyo na lang kung gusto mo,” nakangusong sagot niya.

“Ano ba’ng nangyayari sa iyo, Sweet?” kunot-noong tanong ni Jane. “Sanay ka na sa iba’t ibang ugali ng mga readers mo. Bakit masyado kang nagpapaapekto sa isang iyon?”

She gave up pretending to be working and faced her friends. “Dahil sobrang arogante ng lalaking iyon, sobrang dominante at sobrang kulit. He had me followed, remember? Can you believe that?”

Hindi nakaimik si Jane pero agad namang sumingit si Maika. “At least he was trying to be friendly now. He sent you flowers as a gift, that’s a good start.”

“Hindi gift ang tawag diyan. Suhol! Ang akala kasi niya alam ko kung nasaan ang kapatid niya.” Napapikit siya nang mariin. “Please, I don’t want to talk about this anymore.”

Waring nakakaunawa namang tumango ang

dalawang kaibigan at iniwan siya. Huminga siya nang malalim at pilit kinalma ang sarili. Kung normal na fan lamang si Kevin ay hindi siya maiirita nang ganito. In fact she would be flattered to receive flowers. Pero hindi fan si Kevin, ni hindi ito reader ng kanilang magazine.

Bukod sa ginawa nitong pagpapasubaybay sa kanya, isa pa sa ikinaiinis niya rito ay ang pagiging dominante nito. At mula nang makilala niya ito kulang-kulang dalawang linggo na ang nakakaraan ay wala itong ginawa kundi ang galitin siya. Damn! She would rather have a one-way trip to hell than let him bully her.

---

Ikinuyom ni Kevin ang mga palad para pigilan ang inis. Katatapos lang niyang kausapin si Sweetheart sa telepono, at tulad ng mga nakaraang araw ay tigas pa rin ito sa pagtangging alam nito kung nasaan si Alisha. His patience was already running thin. Kung hindi makuha si Sweetheart sa pakiusapan ay dadaanin niya ito sa paspasan.

Dinampot niyang muli ang telepono sa kanyang mesa at tinawagan si Jerome at pinapunta ito sa opisina niya. He had never met a woman more stubborn than her. Kahit si Alisha ay hindi man lang

nakalapit sa level ng katigasan ng ulo nito. At ang mas ikinaiinis niya sa lahat ay kung paano ipasawalang-bahala ng babae ang kanyang mga banta. She tossed all his blusters back to his face and walk away as if nothing important happened.

At dahil doon, lalo siyang nagngingitngit sa inis. And since Sweetheart was his only link to Alisha, he had no choice but to deal with her.

What made things much difficult was the fact that he found her attractive. Noong una niyang nakita si Sweetheart ay napansin agad niya ang maamong mukha nito at mahubog na katawan. A combination that could fire up even a saint.

At kahit anong galit niya sa babae ay hindi niya magawang papangitin ito sa kanyang paningin. Hell! Minus her razor-sharp tongue, everything about her was sweet, not to mention her name.

Ipinilig niya ang ulo at pilit kinalma ang sarili nang marinig ang katok sa pinto. “Come in,” utos niya.

Nakangiting pumasok si Jerome sa loob ng kanyang opisina. Isang tingin pa lang nito sa kanyang mukha ay lalong lumapad ang pagkakangiti nito.

“Let me guess, pinasakit na naman ni Sweetheart

ang ulo mo," natatawang sabi nito.

His scowl intensified. Hindi na siya nagtaka kung paano nahulaan ni Jerome ang kanyang iniisip. Sa tinagal-tagal ng kanilang pagkakaibigan ay na-develop nila ang kakayahang basahin ang kilos at iniisip ng bawat isa.

"That woman is really making me mad." Abot-tainga ang ngiti ng kaibigan, kaya naman lalong nadagdagan ang kanyang pagkairita. "Ano'ng nakakatawa doon?" asik niya.

"Nothing. Except I thought I would never see the day that you will meet your match. At babae pa!"

Gusto niyang kontrahin ang kaibigan sa sinabi nito pero wala siyang maisip na magandang sabihin. Kung aaminin lang niya sa sarili ay marahil tama ang kanyang kaibigan. Nobody, man or woman, had ever gave him 'no' for an answer as much as Sweetheart did. And he only knew her for two and half weeks!

Kung gaano siya kapursigido ay ganoon din ito kadeterminado. Maliban sa magmakaawa, ginawa na niya ang lahat ng naiisip na paraan para sabihin nito kung nasaan si Alisha. He threatened and bullied her, he asked her nicely… and he even sent her damn flowers once! Pero iisa lang ang sagot ni

Sweetheart, hindi nito alam kung nasaan si Alisha.

Damn her!

“Is she beautiful?” nanunuksong tanong ng kanyang kaibigan.

“She’s infuriatingly ugly,” pagsisinungaling niya

“Paano kung nagsasabi ng totoo si Sweetheart? Paano kung talagang hindi niya alam kung nasaan si Alisha?”

Sumandal siya sa kanyang kinauupuan at ipinikit ang mga mata. Paano nga kung hindi talaga sinabi ni Alisha sa babae kung saan ito tumutuloy? Ayaw niyang isiping may posibilidad ngang totoo ang sinasabi ni Sweetheart dahil ito na lamang ang natitira niyang pag-asa sa ngayon para makita ang kapatid.

“Hindi,” mayamaya ay sabi niya. “I’m sure that she and Alisha had some sort of communication. E-mails or something. Your man said they were chatting as if they were friends. Kilala ko ang kapatid ko, hindi ang tipo ni Alisha ang madaling gumaan ang loob sa isang tao. Nasisiguro ko, babalik at babalik si Alisha kay Sweetheart.”

Hindi sumagot si Jerome. Sa tingin niya ay

tinitimbang nito ang posibilidad na totoo ang kanyang mga iniisip.

"Hindi ba't si Mr. Geraldo Velez ang may-ari ng *Premier Plastics Corp*?" untag niya.

Kumunot ang noo ni Jerome, halatang hindi maintindihan kung paano nasingit si Mr. Velez sa usapan. "Oo. Teka, sa *Premier* nagtatrabaho si Sweetheart, hindi ba? HR Assistant siya doon."

He smiled dangerously and answered. "Yes, she is. Hindi ba't last month ay nagre-request ng financial assistance si Mr. Velez para sa expansion ng pabrika niya sa Bulacan? Ano na'ng standing ng request niya?"

"Denied," mabilis na sagot ni Jerome. "His collateral is not sufficient to cover for his five-million loan."

"Tawagan mo siya. Tell him we are reconsidering his request."

"But Kevin–"

"No buts, Jerome," putol niya sa iba pang sasabihin ng kaibigan. "Just do as I say. And by the way, Mr. Victor Pacheco owns *Posh and Beauty Magazine*, right?"

Hindi sumagot si Jerome. He could tell the way Jerome looked that his friend was starting to grasp what was inside his mind.

"Don't argue, Jerome," he said before Jerome could utter a word. "I know what I'm doing."

Tumango ito at hindi siya kinontra. "Siya nga. Hindi ba't malapit na kaibigan siya ng papa mo noong nabubuhay pa?"

"You're right," sabi niya. "At alam kong alam mo din na pinautang siya ni Papa noon nang walang tubo. At nang mamatay si Papa, ibinilin niya sa akin na kung may kailangan ako ay huwag akong mahihiyang lumapit sa kanya."

"Before you do something, think about it a thousand times," paalala ni Jerome sa kanya. Sumulyap ito sa wrist watch. "May itatanong ka pa ba? I have a meeting in ten minutes."

"Wala na. You may go," he answered.

Tumayo si Jerome at nagpaalam na sa kanya. He would deal with his friend later. Sa ngayon ay kailangang turuan niya ng leksyon si Sweetheart. He would make her realize how deep in trouble she was the moment she first said 'no'.

"I need a sabbatical?" di-makapaniwalang tanong ni Sweetheart sa kanyang editor-in-chief na si Helga. "I don't understand this. Helga, wala namang problema sa column ko, ah. I even receive more letters now compared last quarter. Bakit mo ako pagpapahingahin?"

"It's only temporary, Sweet," sagot ni Helga. Tumayo ito mula sa kinauupuan at umupo sa kanyang tabi. Nasa conference room sila ng *Posh and Beauty* kaya walang ibang nakaririnig ng kanilang usapan. "Two or three months lang. Kapag may fresh outlook ka na uli, puwede ka nang bumalik."

"I don't need fresh outlooks," giit niya. "I'm at the prime of my career, Helga. Ngayon mo pa ba ako pagpapahingahin? I even give advices on e-mails, not to mention the letters that keep coming everyday."

Totoo ang kanyang sinabi. Noong nagsisimula pa lang siya bilang advice columnist ay mabibilang sa sampung daliri ang natatanggap niyang sulat sa loob ng isang buwan. Halos walang nagbabasa ng kanyang column. Pero dahil sa mahusay niyang pagpapayo at effective na promotional campaign ni Helga ay unti-unting nakilala ang kanyang pangalan.

Bumuntong-hininga si Helga, halata niya kahit pilit nitong itinatago na mabigat din sa loob nito ang sinabi sa kanya. "You know you can't do this, Helga," patuloy niya. "Hindi sa nagmamalaki na ako o ano pa man. Pero ang column ko ang isa sa mga hinihintay ng mga readers ng magazine natin buwan-buwan. Kapag inalis mo ang column ko, mababawasan sigurado ang sales natin."

Umupo nang tuwid si Helga at tiningnan siya nang derecho. "Actually, Sweet, ikaw lang ang pinagpapahinga ng management. Your column will still be published monthly in our magazine."

"Ano? How could that happen? You–"

"We will hire a ghost writer for you," putol ni Helga sa iba pa niyang sasabihin. "Somebody who will take over until your sabbatical period is finished."

"I don't need a sabbatical period!" giit niya. Pigil ang galit na tumayo siya at nagpalakad-lakad sa loob ng conference room. "At mas lalong ayaw ko ng ghost writer. Helga, pinaghirapan ko ang pagpapaunlad ng column ko. How could you expect me to just hand it down to somebody I don't even know? Makakahalata ang mga readers ko kapag napansin nilang nag-iba ang style ko. Mawawala

ang confidence nila sa akin."

"Hindi tayo kukuha ng basta kung sino na lang, Sweet," paliwanag ni Helga. "Ire-require kong pag-aralan niya ang column mo pati ang mga pagsagot mo sa mga sulat. And after a few months, you'll return and nobody will even notice that you've been gone."

Daig pa niya ang sinuntok sa mga narinig. Kung ganoon ay planado na pala ng management kung ano ang gagawin sa kanya. Nakaisip na rin ang mga ito ng paraan para hindi maapektuhan ang magazine kahit mawala siya nang ilang buwan.

"Why, Helga?" naguguluhang tanong niya.

Muli ay bumuntong-hininga si Helga. Kitang-kita sa mukha nito ang pagtatalo ng isip. Sabbatical was common for all columnist and writers in their magazine. Pero ginagawa lang iyon kung talagang hindi na maganda ang nangyayari sa pagsusulat ng mga ito. But in her case, even Helga knew it was not needed.

Bandang huli ay tumayo ang babae at nilapitan siya. "To be honest, hindi ko din alam kung ano'ng dahilan sa 'taas at iniutos nila ito. Hindi ko sigurado, pero ang dinig ko'y mismong sa presidente ng *Posh*

nanggaling ang order na pagpahingahin ka muna."

"Pero bakit?" di-makapaniwalang tanong niya.

"I don't know," Helga answered with marked frustration. "I'm really sorry, Sweet. Wala akong magagawa kundi ang sumunod. Try to look at the brighter side, you'll rest but you'll still have your salary."

Gusto niyang sumigaw at sabihing hindi lang pera ang dahilan kung bakit siya nagtatrabaho. Oo nga at kailangan niya ang kita niya dahil sa buwang-buwang amortization ng kanyang bahay sa bangko. Pero hindi siya naging advice columnist nang dahil lang doon. She enjoyed seeing different lives while reading letters. At iba ang satisfaction na nararamdaman niya sa kaalamang nakakatulong siya sa ibang tao kahit sa maliit na bagay lamang.

Pakiramdam niya ay binagsakan siya ng langit habang papalabas siya ng conference room. Ganoon pa man, pinilit pa rin niya ang sariling ngumiti sa bawat staff ng *Posh* na bumabati sa kanya habang papalabas siya ng opisina.

Mabigat ang magiging epekto nito sa kanya financially pero hindi ibig sabihin niyon ay wala nang pag-asa. She walked with renewed determination.

Heavens! Siya si Sweetheart Sandigo, hindi siya magpapatalo sa ganitong klaseng problema lang.

# 4

Pakiramdam ni Sweetheart ay namamanhid ang kanyang buong katawan habang papalabas ng opisina ng *Premium Plastic*. Parang naramdaman niya ang pag-ikot ng mundo at bigla siyang nahilo. She was shocked! Nothing, as in absolutely nothing could have prepared her for what happened.

Her forced sabbatical started two days ago. And minutes ago, she lost her job as HR assistant! Sinalo na ba niya lahat ng kamalasan sa mundo at magkasabay pang nahinto ang dalawa niyang trabaho?

"I'm really sorry, Ms. Sandigo," sabi ng kanilang HR head na si Mrs. Baylon. "You are aware that our company is having a revamp on our organizational structure. Nagdadagdag ng kinakailangang posisyon at nagtatanggal ng sobra. It's all part of the company's goal to maximize its manpower. Sa kaso ng HR department, lumabas sa isinagawang study ng management na sobra-sobra tayo sa staff. I really do not have a choice but to cut it off. At dahil ikaw ang may pinakamaikling panahon dito sa kompanya, ikaw ang napili naming alisin."

“But, Ma’am, kahit dalawang taon pa lang ako dito sa *Premium*, ginawa ko naman nang maayos ang lahat ng trabaho ko,” katuwiran niya. “I was seldom late nor absent.”

“I am really sorry. Wala tayong magagawa. Gusto sana kitang irekomenda sa ibang department na nangangailangan ng additional staff, pero lahat ng vacancies ay puro pang technical graduates like engineers.”

“One week turn over lang ang hinihiling ng kompanya sa iyo, Ms. Sandigo,” patuloy pa ni Mrs. Baylon. “Hindi mo na kailangang tapusin ang turnover period dahil pareho naman ang trabaho mo sa iba pang HR Assistant. That way, you can start early in looking for a new job. Huwag kang masyadong mag-alala, Ms. Sandigo, malaki kompara sa normal separation pay ang matatanggap mo. It’s the company’s way of saying thank you for your loyal services.”

Hindi mapigilan ni Sweetheart ang sumama ang loob dahil sa nangyari. Pero tulad ng sinabi ni Mrs. Baylon, wala siyang magagawa. Kahit gaano pa kahusay ang ipinakita niyang pagtatrabaho, bandang huli ay seniority ang pinairal ng management.

Tatlong beses siyang huminga nang malalim

bago tuluyang natanggal ang kanyang hilo. Nagpasalamat siyang kinailangang mag-overtime nina Jane at Maika. Hindi niya alam kung paano haharapin ang awa sa mga mukha ng mga kaibigan kung nagkataon.

Nang bahagya siyang makabawi ay lumakad siya papunta sa sakayan at nag-abang ng taxi. Ang pinakamagandang bagay na magagawa niya sa ngayon ay ang umuwi ng bahay, magpahinga at mag-isip.

Kinawayan niya ang isang taxi na paparating at sumakay. Matapos sabihin sa driver kung saan siya ihahatid ay isinandal niya ang pagod na katawan sa kinauupuan at pumikit. It was not yet the end of the world. Malalagpasan din niya ang problemang iyon.

Isang ring mula sa kanyang cellphone ang bumulabog sa kanyang pag-iisip. Nagtaka siya nang makita ang numerong tumatawag.

*Sino kaya ito?* aniya sa isip.

“Hello?” tanong niya nang sagutin ang telepono.

“Kumusta, Sweetheart?”

Pakiramdam ni Sweetheart ay umakyat lahat ng dugo niya sa katawan papunta sa kanyang ulo. Her

day was bad, but it became worse when she heard Kevin's voice on the other line. "Paano mo nalaman ang cellphone number ko?" galit na tanong niya. "Oh, don't bother to answer. I forgot that you had me investigated!"

"Mukhang masama ang araw mo." Nakakaloko pang tumawa si Kevin sa kabilang linya. "Mas lalong tumalas ang dati nang matalas na dila mo."

"What do you want?" sikmat niya.

"I just want to know how you are doing since losing both your jobs."

Ang kanyang galit ay nahaluan ng pagtataka nang marinig ang sinabi ni Kevin. "Paano mo nalamang natanggal ako sa trabaho? Huwag mong sabihing may kinalaman ka dito?"

"I have connections and you have what I want," simpleng sagot nito. "Let's just say that I nudged you a little to convince you to tell me what I want to hear."

Her blood pressure skyrocketed! "Nudged me a little! Ginamit mo ang koneksyon mo para mawalan ako ng trabaho, mawalan ng pagkakakitaan, ng ikabubuhay! And you tell me that you just nudged me a little?"

"You won't go hungy if that's what you're worried about," sagot naman nito sa kabilang linya. "Sa pagkakaalam ko ay tatanggap ka pa din ng suweldo sa *Posh* since hindi ka naman nila tinanggal. You're on sabbatical, right? But if you're interested, I have a proposition for you."

How dare him do this to her? Pinaglalaruan siya nito gamit ang kayamanan at koneksyon. It was unfair! Totally unfair! Gustung-gusto niyang sigawan ang lalaki pero pinigil niya ang sarili dahil nakakahiya sa taxi driver. Ilang beses na nga niya itong nahuling sinulyapan siya sa salamin.

"Keep your damn proposition to yourself! I hate you!" sabi niya sa pagitan ng mga ngipin. Pagkatapos ay pinutol niya ang linya at pinatay ang telepono. Nagngingitngit siya sa galit. Ngayong alam na niya ang totoong dahilan sa kanyang pagkakatanggal sa trabaho ay hindi na niya magawang maging kalmante. Paano niya kukumbinsihin ang sarili na malalagpasan niya ang problema kung ang isang katulad ni Kevin ang mismong problema?

If ever she had to name all the misfortunes in her life, she would strongly say that meeting Kevin Merced was the worst of it all!

---

"Ano'ng ibig mong sabihin, Helga?"

Waring nauupos na kandila na napaupo si Sweetheart sa kalapit na upuan habang pinakikinggan ang mga salita ng kanyang editor sa cellphone. Sa bawat salitang binibitawan nito, daig pa niya ang ibinabaon.

"Okay, I understand," sagot niya habang pilit itinatago ang panghihina sa boses. "Just call me if you need me. 'Bye."

Tulalang napatitig si Sweetheart sa kabuuan ng kanyang bahay. Nanganganib na tuluyan nang tanggalin ang kanyang column, iyon ang itinawag sa kanya ni Helga. Dalawang linggo pa lang mula nang magsimula ang kanyang sabbatical at ngayon ay inihahanda na siya ng kanyang editor sa maaaring mangyari.

Kevin!

Kasalanan lahat ito ng lalaking iyon. Ang buong akala niya ay nakontento na ito sa ginawa sa kanya, iyon pala ay may karugtong pa ang mga plano nito. Isang linggo na mula nang matapos ang turn over period niya sa *Premier*. Ipinasya niyang huwag munang maghanap ng bagong trabaho at sundin ang payo ni Helga na magpahinga muna. Pero paano pa

siya makakakapagpahinga gayong ang natitira niyang trabaho ay maaaring mawalang muli sa kanya?

Makakakahanap siya ng ibang full-time work, pero hindi na siya makakakakita pa ng part-time job na kasing-ganda ng pagiging columnist. Hawak niya ang oras niya at bukod doon ay nag-e-enjoy siya. Maganda rin ang suweldo niya roon. Kung matatanggal ang column niya, siguradong magkakaproblema siya sa pagbabayad ng amortization ng bahay niya.

*Sumosobra na talaga ang lalaking iyon!* gigil na bulong niya sa sarili. *Makikita niya, makikita niya!*

Determinadong tumayo si Sweetheart at inihanda ang sarili. Pupuntahan niya ngayon din ang Kevin Merced na iyon. Kailangang gumawa siya ng paraan para itigil na ng lalaki ang pagmamaniobra sa buhay niya. Kung hindi, baka sa susunod na buwan ay wala na siyang kainin o matirhan.

Matapos ang ilang tawag at pagtatanong ay nalaman din niya kung saan ang main office ng bangkong pag-aari ng mga Merced. Dali-dali siyang sumakay ng taxi at nagpahatid doon. Ilang minuto pa ay sakay na siya ng elevator paakyat sa opisina ni Kevin.

Paglabas niya ng elevator ay agad niyang tinungo

ang direksyong ibinigay sa kanya ng receptionist kanina. Isang pormal na babae ang sumalubong sa kanya, sa tingin niya ay sekretarya iyon ng binata.

"Good afternoon, Ma'am. May I help you?" tanong nito.

"Good afternoon," pormal din niyang sagot. "I'm here to speak with Mr. Merced. I am Sweetheart Sandigo."

"Ms. Sandigo? He's expecting you since yesterday," tugon nito. "You may enter his office now."

Lalong kumulo ang kanyang dugo sa kaalamang iyon. Kung ganoon ay talagang planado nito ang lahat. Pati ang pagsugod niya rito ay nakalkula rin nito.

Pilit siyang ngumiti at nagpasalamat sa babae pagkatapos ay binuksan ang pinto ng opisina ni Kevin. Pagpasok na pagpasok pa lang niya ay agad niyang nakita ang lalaki. Kampante itong nakasandal sa inuupuang swivel chair at halatang hinihintay siya.

"How dare you!" gigil na sabi niya habang papalapit sa lalaki. Ni hindi siya nagtangkang itago ang kanyang galit. "Hindi ka na nakontento sa

ginawa mo, ngayon naman ay tuluyan mo na akong ipatatanggal sa *Posh*!"

Isang matamis na ngiti ang ibinigay sa kanya ni Kevin. A bone-melting, give-it-to-me-baby type of smile! And her knees almost went jelly, only she was too angry and too shocked to do so.

Marunong palang ngumiti ang lalaking ito! Ang akala kasi niya ay gawa sa bato ang mukha nito sa sobrang tigas sa pagsimangot.

"Sweetheart!" Kevin beamed. Halos umusok ang ilong niya sa ngitngit nang makitang tuwang-tuwa pa ito. "To whom do I owe the honor of your visit?"

Tumayo siya sa mismong harap ng mesa nito at tinitigan nang masama ang lalaki. "What do you want from me?" derechong tanong niya.

"I want answers." Marahil ay naisip nitong sayang lang ang oras kung magkukunwari pa itong hindi nito naintindihan ang kanyang tanong. "And I will get them in any way."

"Ilang ulit ko bang sasabihin sa iyong hindi ko alam kung nasaan ang kapatid mo?" nanggigil na singhal niya. "Noong araw na nakita kami ng tao mo, iyon ang una at huli naming pagkikita. Pagkatapos

noon ay hindi ko na siya nakita pa."

Tumango si Kevin. "Okay."

Kumunot ang kanyang noo. Okay? Iyon lang ba ang sasabihin nito? "Anong okay?" inis na tanong niya.

"Okay, I believe you."

Lalong kumunot ang kanyang noo. Parang ayaw niyang maniwalang ganoon lang kadaling titigil ang binata. Pagkatapos ng halos isang buwan siya nitong kinukulit kung nasaan si Alisha ay bigla-bigla itong naniwala ngayon?

"Ibig bang sabihin niyan ay ibabalik mo na ang trabaho ko?" tanong niya.

"No."

She knew it! It was just too good to be true. "Ano ba talaga ang gusto mong mangyari, Kevin? Wala kang mapapala sa akin. Wala akong impormasyong maibibigay sa iyo."

"I said I believed you," sagot naman nito. "Alam kong nagsasabi ka ng totoo na hindi mo alam kung nasaan ang kapatid ko. Pero hindi ibig sabihin noon ay hindi na siya magpapakita pa uli sa iyo."

"Ano'ng ibig mong sabihin?" naguguluhang tanong niya.

"She trusts you, Sweetheart," saad nito. "Kaya nasisiguro kong babalik at babalik siya para makipag-usap sa iyo."

"Paano mo naman nalaman, manghuhula ka ba?" sarkastikong sagot niya. "Wala ba siyang ibang kaibigan? Bakit hindi mo siya hanapin sa mga iyon?"

"Kaunti lang ang kaibigan ng kapatid ko. At lahat sila'y pinuntahan ko na. Mula nang umalis si Alisha, sa iyo lang siya nagpakita."

"Bakit hindi mo na lang gamitin ang mga tauhan mo para hanapin ang kapatid mo."

"Sa palagay mo ba'y hindi ko ginawa iyan? Pero mahirap talagang hanapin ang taong nagtatago kaya napagdesisyunan kong hintayin na lang siyang lumabas."

"Ano'ng kinalaman ko diyan?"

Hindi agad sumagot si Kevin bagkus ay binuksan nito ang isa sa mga drawer nito at may kinuhang envelope. Inilapag nito ang envelope sa harap niya bago nagpatuloy. "Twenty thousand pesos check ang laman ng envelope na iyan. Paunang bayad pa lang

iyan, kapag nakita ko na si Alisha ay may kasunod pa iyan."

Shock was an understatement for what she felt at that moment. Nagpalipat-lipat ang tingin niya mula kay Kevin patungo sa envelope at pabalik muli sa lalaki. Nang unti-unting makabawi sa kabiglaan ay unti-unting tumaas ang kanyang galit.

"A-ano'ng ibig mong sabihin?"

"Help me find my sister," simpleng sagot ni Kevin. "I will pay you."

"Ano'ng akala mo sa akin? Private detective?" Ito ba ang dahilan ng lalaki kaya ginamit nito ang impluwensya para mawalan siya ng trabaho? Para sa bandang huli ay wala siyang pagpipilian kundi ang sumunod sa mga ipag-uutos nito?

"Ikaw lang ang link ko kay Alisha," giit ni Kevin

"Forget it!" galit na sabi niya pagkatapos ay tumalikod. Uuwi na lang siya at mag-iisip ng solusyon sa kanyang problema kaysa makinig sa mga sinasabi ng lalaking ito.

"You're being damn unreasonable!"

She spun around in utter disgust. Siya pa ngayon ang naging unreasonable! Ginulo ni Kevin Merced

ang tahimik at masaya niyang buhay, pagkatapos ngayon siya pa ang sasabihan nitong unreasonable?

"How dare you say those words to me!" she indignantly said. "I don't want to see your face anymore. God! How I hate you!"

Pagkatapos na pagkatapos niyang bitiwan ang kanyang huling salita ay agad siyang tumalikod para layasan ang lalaki. She had never met a person as disgusting as Kevin Merced. If she would choose between him and hell, she would definitely choose the latter.

"Thirty thousand, Sweetheart," pahabol ni Kevin. "And additional thirty when my sister finally shows up."

Nagpanting ang magkabilang tainga ni Sweetheart. That did it! Huminto siya sa paglalakad at dahang-dahang hinarap ang lalaki—eyes burning with fury, lips thinned with anger.

Kevin Merced needed a lesson or two!